



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Mayo 1, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan - 415.749.4900

Sinusuportahan ng Air District ang habla ng estado laban sa plano ni Trump na alisin ang mga pamantayan sa emisyon

SAN FRANCISCO – Pahayag ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area), tungkol sa desisyon ng Estado ng California na ihabla ang Administrasyon ni Trump sa kanilang mga plano na alisin ang mga pamantayan sa emisyon ng sasakyan:

“Mahigpit na sinusuportahan ng Air District ng Bay Area ang habla ng Estado ng California laban sa mga maling pagsusumikap ng Administrasyon ni Trump na alisin ang mga pamantayan sa emisyon ng sasakyan. Masyadong mataas ang suporta para umatras ang California. Nakinabang ang mga taga-California mula sa ilang dekada ng pagsusumikap ng mga taga-California sa pagsulong ng kabuhayan, kalusugan at kapaligiran na nakuha sa pamamagitan ng mga nakakamit na pamantayan sa emisyon. Maling direksyon ang tinatahak ng Administrasyon ni Trump at hindi natin dapat isuko ang ating laban para sa mas mahigpit na mga pamantayan sa emisyon at mas malinis na hangin para sa kalusugan ng mga residente ng Bay Area. Kailangan nating itakda ang mga pamantayan nang mas mataas at huwag umasa sa kaunti.”

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)